# Larawan ng sistema ng edukasyon sa Japan




*Mula sa Ministro ng Edukasyon [Handbook ng pagpasok sa paaralan/Abril 2005]*

# J Edukasyon

Bumalik sa TOP ng J Edukasyon

・ Dahil sa iba’t-ibang patakaran o kwalipikasyon upang makapasok sa Vocational School , ito ay nahahati sa tatlo: ang koutou katei (para sa mga nakatapos ng Junior high school / Middle school), senmon katei (para sa mga nakatapos ng high school, unibersidad, at junior college) at ippan katei (walang patakaran). Ang paaralang umaayon sa koutou katei ay tinatawag na senior vocational school (koutou senshuu gakkou) at ang paaralang umaayon sa senmon katei ay tinatawag na vocational school (senmon gakkou).

・ May iba’t-iba pang mga uri ng paaralan na kung tawagin ay “cram school” o “review school”, driving school, at internasyonal skul.

[Sanggunian] Ang mga gastusin para sa isang bata na nasa Kindergarten, Elementarya, Junior High School at Senior High School sa isang taon (Tuition fee, gastos para mag-aral, pamasahe, uniporme at iba pa)

**(Yunit ng pera : Yen)**

| Kategorya | Kindergarden | | Elementarya | | Junior High School | | Senior High School (pang araw) | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pampublikо | Pribado | Pampublikо | Pribado | Pampublikо | Pribado | Pampubliko | Pribado |
| **Gastusin sa pagpapa-aral** | 133,346 | 368,392 | 56,655 | 780,001 | 133,183 | 957,893 | 343,922 | 785,289 |

*Hinalaw mula sa "Mga Report Tungkol sa mga Gastusin sa Pagpapa-aral sa Taong 2006"*

*(Ministry of Education, Culture, Sports, Science & Technology)*

# 1 Sistema ng edukasyon

Naglagda ang Japan nuong 1994 sa treaty ng United Nations ng 1989 tungkol sa “Karapatan ng Bata” . Ukol dito, ang karapatan sa edukasyon ng mga bata ay dapat ipagtanggol at igalang. Ang gobyernong Hapon ay hindi obligadong pwersahin ang magulang ng batang dayuhan upang pag-aralin ang kanilang mga anak ngunit mayroong karapatan ang mga bata na makapag-aral.

## 1-1 Sistema ng Edukasyon sa Japan

### (1) Ang Sistemang 6-3-3-4

Ang sistema ng edukasyon sa Japan ay nahahati sa sumusunod na taon: 6 na taon sa Elementarya, 3 taon sa Junior High School, 3 taon sa Senior High School at 4 na taon sa Unibersidad (2 taon sa Junior College).

### (2) Sapilitang Edukasyon

Dahil ang mababang paaralan at ang junior high school ay edukasyong sapilitan o katungkulan ayon sa batas, ang lahat ng bata ay inaasahang magtapos nito. Ang Sapilitang Edukasyon ay ipinagpatupad para sa mga batang Hapon, ngunit ang mga batang dayuhan na nasa edad 6 na taon hanggang 15 taon na nagnanais mag-aral ay maari din pamahagian ng pagkakataong pumasok sa paaralan tulad ng mga batang Hapon. Mabuting pag-aralin ang mga bata upang mapaghandaan ang magandang kinabukasan nila. Makipagsanggunian lamang sa malapit na munisipyo ng tinitirahan.

### (3) Mga iba pang detalye

Kapag nakatapos ng pag-aaral sa junior high school ang mga batang Hapon, sila ay tumutuloy sa high school o unibersidad. Gayunpaman, upang makapasok sa high school o unibersidad, kinakailangang kumuha ng pagsusulit.

Bago pumasok ang mga bata sa elementarya, mayroong Kindergarten o Preschool. Mayroon ding Technical College at iba’t-iba pang uri ng paaralan para sa mga batang nakapagtapos ng junior high school o senior high school na magpapaunlad sa mga kakayahan at kaalaman ng mga estudyante na kailangan para sa iba’t-ibang hanapbuhay. Mayroon ding mga nakatatag na paaralan na nagbibigay ng edukasyon na may kasamang nakapamumukod na suporta para sa mga batang may kapansanan.

# 1 Sistema ng edukasyon

## 1-2 Ang Paaralan sa bansang Japan

**(1) Ang pampublikong at ang pribadong paaralan**

Mayroong mga iba’t ibang uri ng paaralan sa Japan. Ito ay ang kokuritsu o paaralang nasyonal na pinamamahalaan ng bansa, ang kouritsu o pampampublikongng paaralan na pinamamahalaan ng perepaktura o munisipalidad, at ang shiritsu na mga pribadong paaralan.

Ang maaaring pasukan na pampublikong elementarya at junior high school ay nakatakda ayon sa tinitirahang distrito at walang kinakailangang pagsusulit upang makapasok dito. Samantalang sa pribadong paaralan naman ay nangangailangang ipasa ang pagsusulit upang makapasok dito.

**(2) Taon/Semestre/Bakasyon**

Ang pasukan sa Japan ay tuwing Abril ng taon at ang katupusan ng isang taon ay tuwing Marso ng sumunod na taon.

Ang unang semestre ay mula Abril hanggang Hulyo at ang ikalawang semestre ay mula Setyembre hanggang Disyembre. Sa pagitan ng dalawang semestre ay mayroong apatnapung araw na summer vacation at dalawang linggong winter at spring vacation.

* May mga paaralan na nahahati sa dalawang semestre. Sa ganitong mga paaralan ang unang semestre ay mula Abril hanggang Setyembre at ang ikalawang semestre ay nagsisimula ng Oktubre at nagtatapos ng Marso. Meron din ang mga paaralan na ito ng summer vacation, winter vacation, spring vacation at bakasyon (4~6 na araw) sa paggitan ng una at ikalawang semestre.

Sistema ng Semestre (halimbawa)



# 2 Edukasyon bago pumasok sa pormal na pag-aaral

Ang edukasyon para sa mga batang wala pa sa sapat na edad upang pumasok sa pormal na pag-aaral ay maaring mag-aral sa mga Kindergarten.

## 2-1 Kindergarten (youchien)

Ang Kindergarten ay bukas sa mga batang may edad na tatlong taon at nag-aalay ng edukasyon hanggang makapasok ang bata sa elementarya. Mayroong pampublikong ipinatayo ng bansa, pampublikong ipinatayo ng perepaktura o munisipalidad at pribadong Kindergarten. Ang mga ito ay pinangangasiwaan ng bansa, munisipalidad o komunidad. May mga lugar na kung saan may ibinibigay na tulong para sa pagbayad ng pribadong Kindergarten.

* Ang mga batang kulang o nangangailangan ng pangangalaga ay maaring ipaubaya sa mga Day Care Center matapos makatanggap ng permiso mula sa gardiyan o tagapag-alaga ng bata. Para sa karagdagang impormasyon ukol dito, basahin ang H Panganganak at pag-aalaga ng bata, 5-1 Kinikilalang Day Care Center.

# J Edukasyon

Bumalik sa TOP ng J Edukasyon

| | Publikong Kindergarten | Pribadong Kindergarten |
|---|---|---|
| **Ang maaring pumasok** | mga edad 4-5 taong bata na nakatira sa bisinidad(may mga lugar na tumatanggap din ng mga batang 3 taon ) | 3-5 edad |
| **Mga oras ng tanggapan** | mula alas 9 ng umaga hanggang alas 2 ng hapon, sarado tuwing sabado, linggo, piyesta opisyal, mga bakasyon ng tanggapan tuwing summer, winter, spring at autumn | iba-iba depende sa tanggapan |
| **Panahon ng pag-aplay** | mula huling linggo ng Oktubre hanggang ika-unang linggo ng Nobyembre | mula huling linggo ng Oktubre hanggang ika-unang linggo ng Nobyembre |
| **Pasahan ng mga dokumento** | iba-iba depende sa tanggapan | iba-iba depende sa tanggapan |
| **Mga babayarin** | entrance fee, tuition fee | Maliban sa entrance fee at tuition fee, mayroon mga Kindergarten na nagkokolekta ng bayad para sa mga pasilidad at donasyon. Sa mga Kindergarten na mayroong pagsusulit upang makapasok dito kailangang magbayad ng screening fee. |
| **Maaring pasukan** | malapit sa lugar na tinitirahan | walang itinatakda |
| **Mga iba pang detalye** | ang pagahatid at pagsundo pati ang baon ng bata ay responibilidad ng gardiyan; iba-iba ang mga babayarin depende sa distrito kaya kinakailangang makipagsangguni sa munispilidad o Board of Education ng distritong tinitirahan | May mga munisipalidad na nagbibigay ng iba't-ibang tulong pinansyal tulad ng tulong para sa entrance fee, tuition fee, at mga iba't-iba pang babayarin. Ang mga day-care centers ay may mga iba't-ibang day-care center mission kaya mangyari lamang makipagsangguni sa mga day-care center |

# 2 Edukasyon bago pumasok sa pormal na pag-aaral

## 2-2 Mga kinikilalang pasilidad para sa bata

Para sa mga batang wala o nagtatrabaho ang nga gardiyan o tagapag-alaga, mayroong pasilidad na pinagsalinan ang katungkulan ng Kindergarten na magbigay edukasyon sa bata at ang katungkulan ng Day-Care Center na alagaan ang bata. Maaari din tumanggap ng payo tungkol sa pagpapalaki ng bata ang mga pamilya dito.

Ang pasilidad para sa mga bata ay nahahati sa apat na uri: ang pinagsamang Kindergarten at Day-Care Center, ang Kindergarten, ang Day-Care Center at iba pang hindi kinikilalang pasilidad. Iba-iba ang mga pasilidades at pamamahala ng mga ito kaya kinailangang intindihin at kumpirmahin ang tungkol sa bawat uri nito.

- Paggamit: Dumiretso sa kinikilalang pasilidad para sa bata.
- Pagbayad: Iba-iba depende o ayon sa itinatakda ng pasilidad. Ang kabayaran sa paggamit ng mga pasilidad ng Day-Care Center ay naayon sa laki ng kinikita ng gardiyan o tagapag-alaga.
- Pinansyal na tulong: Mayroong sistema upang makatanggap ng pinansyal na tulong sa mga Kindergarten.

Kung nais gamitin ang sistemang ito, mangyari lamang na sumangguni sa Dibisyon ng Kalusugan at Pampublikong Serbisyo (Health and Welfare Division) ng inyong tinitirhang perepaktura.

# 3 Elementary school at junior high school

Ang Elementary School sa Japan na nabubuo ng 6 na taon at ang Junior High School na nabubuo naman ng 3-taon ay edukasyong katungkulan ayon sa batas o ang tinatawag na sapilitang edukasyon. Ang buhay-paaralan sa Japan ay may sinusunod na tradisyon, mga ibento, at patakaran. Intindihin at unawain nang maigi ang mga ito upang pumasok sa paaralan ang mga bata na may panatag na loob at may masayang buhay-paaralan.

## 3-1 Edad ng pagpasok sa paaralan

Ang edad ng pagpasok sa paaralan ay ang angkop na edad para magsimulang mag-aral ang bata. Ang elementarya ay simula 6 na taong gulang at ang junior high school ay para sa batang nasa edad 12 taon.
Naaayon ang baytang o grado ng bata ayon sa kanyang edad. Ang mga batang dayuhan ayon sa patakaran ay kinakailangan din pasalihin sa klase na kung saan kasing edad niya ang mga estudyante.

## 3-2 Mga gastusin

| | |
|---|---|
| **Pampublikong paaralan** | entrance fee sa elementarya, junior high school at tuition fee, libro ay libre ngunit ang mga iba pang kailangan na gamit sa paaralan, baon, field trip fee, uniporma at iba pa ay sariling bayad. |
| **Pribadong paaralan** | lahat ay sagot ng pamilya |

# 3 Elementary school at junior high school

## 3-3 Proseso ng pagpasok

Kung nais ipasok ang bata sa pampublikong paaralan ng perepaktura, kailangang pumunta sa munispyo ng lugar o Board of Education ng inyong distrito at ipahayag ang inyong kahilingan na ipasok ang anak sa pampublikong paaralan. Kayo ay bibigyan ng porma na kinakailangang sagutan at ibigay ang mga hinihinging impormasyon. Matapos itong sagutan, ito ay ipapasa kasabay ng pagpresenta ng Alien Registration Card ng gardiyan o tagapag-alaga ng bata. Maaring gawin ang proseso kahit kailan. Kapag nais namang ipasok ang bata sa internasyonal skul, pampubliko o pribadong elementarya o junior high school, dumiretso lamang sa paaralang nais pasukan.

* Kapag nagpatala ng Alien Registration Card ang isang dayuhan na may anak na nasa tamang edad ng mag-aral sa sumunod na taon, ito ay padadalhan ng patnubay na dokumento. Nakapahayag din sa dokumento kung saang paaralan maaaring ipasok ang bata at ang araw ng pagsusuri sa kalusugan ng bata na kailangan isagawa bago makapasok sa paaralan.

* May mga pagkakataon na nakakalimutang mapadalahan ng patnubay sa pagpasok sa paaralan kaya kung ang anak ay malapit ng maging 6 na taong gulang, huwag mag-atubiling pumunta sa nalalapit na munisipyo upang maisagawa ang proseso.

Paraan o Proseso ng pagpasok sa paaralan

① Siguraduhing may tirahan

↓

② Magpatala o gumawa ng Alien Registration Card

↓

③ Tanggapin ang Alien Registration Card

↓

④ Ipasa ang porma na sinagutan para sa pagpasok sa paararlan sa malapit na

↓ Makalipas ang ilang araw

⑤ Makakatanggap ng dokumento na nagpapahintulot sa pag-aaral ng bata

↓

⑥ Pumunta sa itinakdang paaralan at isagawa ang nauukol na proseso

# 3 Elementary school at junior high school

## 3-4 Proseso ng pagpasok sa gitna ng semestre

Kung nais ipasok ang anak sa pampublikong elementarya o junior high school ng perepaktura, kailangan isagawa ang prosesong pagpasok sa paaralan sa munisipyong sumasakop sa tinitirahan. Pagnatapos ang proseso, kailangang pumunta sa naitakdang pagpapasukang paaralan sa nakatakdang araw. Bilang patakaran, inilalagay ang bata sa tamang baytang o grado ayon sa kanyang edad, ngunit dahil sa hindi sapat na kakayahan ng bata sa wikang Hapon, pansamantalang inilalagay ang bata sa baytang na mas mababa ng isa sa dapat nitong baytang o grado. Kung may mga katanungan o abala ukol dito, mangyari lamang na makipagsangguni sa Board of Education ng distrito o sa guro ng paaralan.

Kung sa Internasyonal Skul, pampubliko o pribadong paaralan naman nais ipasok ang bata, dumeretso sa paaralang napili.

## 3-5 Buhay paaralan (Kapag hindi pa sapat ang kaalaman ng bata sa wikang Hapon)

Ang lahat ng klase ay isinasagawa sa wikang Hapon. Dahil dito maraming elementarya at junior high school na nag-aalay ng karagdagang klase upang makapag-aral ng wikang Hapon ang mga batang hindi pa sapat ang kakayahan sa paggamit at pagintindi nito. Upang masanay kaagad ang mga bata sa wikang Hapon, nagbibigay ang paaralan ng gabay sa pag-aral ng wikang Hapon at mga payo tungkol sa pamumuhay sa Japan kaya kung mayroong abala, makipag-ugnayan lamang sa guro ng paaralan.

## 3-6 Buhay paaralan (mga pagdiriwang at selebrasyon)

Mayroong mga iba’t-ibang ibento sa paaralan at ipinapahayag ito ng paaralan sa mga magulang ilang araw bago ito gaganapin. Ang pagsali sa mga ibento ng paaralan ay isang mabisang paraan upang masanay ng mabilis sa buhay sa Japan kaya maging aktibo sa pagsali sa mga ito. Ang mga ibento sa paaralan ay tulad ng mga sumusunod:

- Sportsfest: ito ay ginaganap tuwing bakasyon sa Spring at Autumn upang mapalapit ang loob ng lahat sa sports. Suportahan ng buong pamilya ang bata.
- Field trip: ito ay isang araw na balikang pagpapasyal na pinangangasiwaan ng guro.
- School Excursion: Ginaganap sa pagtatapos na taon ng bata. Lahat ng magtatapos na estudyante ay karaniwang kasali dito at ito ay hindi balikan kung hindi obernayt na aktibidades.

# 3 Elementary school at junior high school

## 3-7 PTA

Nagsasagawa ang paaralan ng isang pagtitipon ng mga guro at magulang ng bata. Ito ay isang pagtitipon na kung saan nagtutulungan ang mga magulang at mga guro upang magsagawa ng mga iba’t-ibang aktibidades para sa mga bata.

## 3-8 Mga gawain o aktibidades pagkatapos ng klase (Mga club para sa mga mag-aaral)

Para sa mga batang nasa pinakamababang baytang (1-3 baytang) sa elementarya na wala ang mga magulang o gardiyan sa tanghali o pagkatapos ng eskwela, mayroong club na naaangkop para sa kanila. Ito ay isang club na naghahatid sa mga bata ng iba’t-ibang klase ng laro o aktibidad na makakapagpalakas ng kanilang isip at kalusugan. Basahin ang H Panganganak at pag-aalaga ng bata 5-2 Mga gawain o mga aktibidades pagtapos ng klase.

## 3-9 Kapag nagtapos ng junior high school

Pagkatapos ng junior high school, maraming iba’t-ibang paraan ng pagpapatuloy sa pag-aaral tulad ng pagpasok sa High School (koutou gakkou), Technical School (koutousenmon gakkou), Special Training School, Iba’t-ibang klaseng Paaralan (kaku gakkou), o Vocational School (shokugyou gakkou). Maaari ding magtrabaho habang nag-aaral part-time (teijisei) o nag-aaral sa pamamagitan ng correspondence (tsuushinsei).

# 4 High school

Ang koutou gakkou ay kung tawaging High School. Mahigit 90% ng Hapon ay itinutuloy ang pag-aaral sa High School. Katulad din ng Elementarya at Junior high school, ito rin ay may mga uri tulad ng pampublikong high school na pinapamahalaan ng bansa, pampublikong high school na pinangangasiwaan ng perepaktura o munisipalidad, at ang pribadong high school. Ang mga maaring pasukan na high school ay nakatakda ayon sa tinitirahang distrito. Dahil ang high school ay hindi sakop ng sapilitang edukasyon o kailangang edukasyon ayon sa batas, hindi libre ang mga gastusin dito.

## 4-1 Para makapasok sa high school

Upang makapasok sa high school, kinakailangang ipasa ang pagsusulit nito. Mayroon ding mga high school na maaring pasukan sa pamamagitan ng interbyu lamang na kung tawagin ay suisen nyuugakuseido. Ito ay maaari kung ang mag-aaral ay may matataas na grado o magaling sa isang linya. Mayroon ding mga high school na mayroong espesyal na sistema upang makapasok ang dayuhang mag-aaral dito. Makipag-ugnayan sa nais na pasukang paaralan.

## 4-2 Ang maaaring pumasok sa high school

Ang maaring kumuha ng pagsusulit upang makapasok sa high school ay mga mag-aaral na malapit ng magtapos ng junior high school o mga mag-aaral na may akademikong kakayanan na katumbas o mas higit pa sa mga nagtapos ng junior high school sa Japan. Kung nagtapos ng junior high school sa ibang bansa kinakailangan ng dokumento na nagpapatunay nito.

## 4-3 Junior high school equivalency test (Chuugakkou Sotsugyou Teido Nintei Shiken)

Mayroong pagsusulit na ibinibigay ang bansa upang makumpirma na ang mag-aaral ay tunay na may akademikong kakayanang katumbas ng mag-aaral na nagtapos ng junior high school. Kahit ang mga batang dayuhan na 15 taong gulang sa ika- 31 ng Marso ng taon ay maaring kumuha ng pagsusulit na ito.

# 4 High school

## 4-4 Uri ng mga high school

Makipag-sangguni sa guro ng junior high school kung saang high school papasok, kung ano ang kursong kukunin, at kung ano ang nais ng mag-aaral.

### (1) Kurso (gakka)

Ang mga inaaral dito ay ang mga pangkaraniwang asignatura, senmon gakka na kung saang ang itinuturo ay mga natatanging pag-aaral (tulad ng pang-industriya, pang-negosyo, pang-saka at iba pa), at sougou gakka na kung saan itinuturo ang pangkaraniwan at natatanging pag-aaral.

### (2) Kredit (katei)

Batay sa oras ng pagtuturo, ito ay nahahati sa zennichisei na pang-regular o
sa araw, teijisei na pang-gabi lamang, at ang tsuushinsei na correspondence course.

| | |
|---|---|
| **Pang-araw (zennichisei)** | pang-araw. 3 taon para magtapos |
| **Pang-gabi (teijisei** | habang nag-tatrabaho, pang-gabi (o pang-araw),mahigit 3 taon para magtapos |
| **Correspondence course (tsuushinsei)** | sa bahay lang mag-aaral (may screening 2 beses buwan buwan ) |

## 5 Mga iba pang uri ng paaralan

Maliban sa high school, marami pang ibang institusyon tulad ng Technical Schools kung saan maaaring matuto ng mga teknikal na kaalaman, Vocational Schools na nagbibigay ng praktikal na kaalaman, Special Training Schools na nagtuturo ng mga iba’t ibang espesyalisasyon. May mga paaralan kung saan maaring matutunan ang bookkeeping, pagkalkula gamit ang abacus, ingles, tayping, mekaniko, maging tagapagluto (cook)/nutrisyonista, care-giver, nars, barbero, hair dresser, at iba pa.

# 6 Unibersidad at junior college

Para sa mga mag-aaral na nakapagtapos ng high school o mayroong akademikong kakayanan katumbas ng mga ito, mayroong unibersidad o junior college.

## 6-1 Unibersidad at Junior College

**(1) Ano ang tinatawag na unibersidad at junior college?**

Ang unibersidad at junior college ay nahahati sa tatlong uri batay sa namamahala o nangangasiwa dito. Nasyonal na pinapamahalaan ng bansa, pampubliko na pinangangasiwaan ng perepaktura o munisipalidad, at ang pribado na pinangangasiwaan ng nagpapalakad ng paaralan.

May mga lugar na korporasyon ang nagtatatag ng unibersidad.

Ang junior college ay tandai kung tawagin.

Ang unibersidad ay hanggang 4 na taon habang ang junior college naman ay hanggang 2 taon lamang.

**(2) Para makapasok sa unibersidad at junior college**

Kinakailangang makapasa sa pagsusulit upang makapasok dito ngunit mayroon ding unibersidad na tumatanggap sa pamamaraan ng sistemang rekomendasyon. Ang gastusin ay iba-iba bawat unibersidad kaya kinakailangang makipag-ugnayan sa nais na pasukang uibersidad.

**(3) Ang maaaring pumasok sa unibersidad at junior college**

Maaring kumuha ng pagsusulit ang kahit sino mang nakakamit o nakaabot sa isa sa mga sumusunod:

・ nakatapos ng high school sa Japan o kahit sa ibang bansa

・ nakapasa sa pagsusulit na nagpapatunay na ang mag-aaral ay may akademikong kakayanan na katumbas sa isang mag-aaral na nagtapos ng high school

・ mayroong kuwalipakasyong naaayon sa internasyonal na pagsusulit na nagpapatunay na maaring pumasok sa unibersidad at magiging 18 anyos sa Abril a uno ng taong papasukan

**(4) Entrance examination (nyuugaku shiken)**

Ang pagsusulit ng nasyonal at pampublikong unibersidad ay nahahati sa dalawa na kung tawagin ay ichiji sentaa shiken na kailangang kunin lahat ng mga ibig pumasok at ang dainiji shiken na ipinangangasiwa ng bawat unibersidad. Ang araw at laman ng pagsusulit ng pribadong unibersidad ay iba-iba.

# 6 Unibersidad at junior college

## 6-2 Eksamen para sa dayuhan na gustong mag-aral sa Japan (Nihon Ryuugaku Shiken)

Ito ang eksamen na sumusukat sa kakayahan sa wikang Hapon at pundamental na kaalaman na kakailanganin sa pag-aaral sa unibersidad sa Japan ng estudyanteng dayuhan. Ang listahan ng mag unibersidad na gumagamit ng resulta ng eksamen na ito para sa pagpili ng mag-aaral ay makikita sa homepage ng Japan Student Support Organization. Para sa iba pang impormasyon makipag-ugnayan lamang sa Japan Student Support Organization.

| Nilalaman ng Pagsusulit | Araw ng Pagsusulit | Wikang gamit sa Pagsusulit | Sanggunian |
|---|---|---|---|
| wikang Hapon, Agham (Pisika, Biology, Chemistry), Pangkalahatang asignatura, Matematika. Sagutan ang itinakda ng unibersidad na nais pasukan. | Taun-taon tuwing Hunyo at Nobyembre | Hapon o Ingles (Piliin ayon sa itinakda ng unibersidad na ibig pasukan.Ngunit ang pagsusulit tungkol sa wikang Hapon ay sa wikang Hapon lamang maaaring sagutan ) | Japan Student Support Association http://www.jasso.go.jp/eju/index.html Kung may mga tanong mage-mail sa eju@jasso.go.jp |

## 7 Paaralan para sa mga dayuhan

Mayroong mga paaralan para sa mga dayuhan na ang pag-aaral ay isinasagawa sa ibang wika tulad ng wikang Ingles, Tsino, Koryano, at Portuges. Ang ganitong mga paaralan ayon sa sistema ng edukasyon ng Japan ay tinatawag na iba’t-ibang uri ng paaralan at dahil dito may mga unibersidad na hindi nagpapahintulot sa pagkuha ng pagsusulit ng mga mag-aaral na galling sa mga paaralang ito.

Subalit depende sa paaralan para sa mga dayuhan, maaaring makakuha ng kuwalipikasyon para makapasok sa unibersidad o graduate school sa Japan kapag nakapagtapos dito kaya’t magtanong o sumangguni lamang sa mga paaralan.

# 8 Suporta sa edukasyon

Mayroong sistema na tumutulong sa pagpapa-aral ng mga estudyante na galing sa pamilyang may pinansyal na kahirapan.

**(1) Tulong sa pag-aaral**

Mayroong sistema na tumutulong sa mga pamilya na nahihirapang magpa-aral ng anak sa elementarya at junior high school. Kung may kagipitan sa gastusin para sa kagamitan sa paaralan, gastusin sa pagpunta sa paaralan, gastusin sa mga aktibidad sa labas ng paaralan, field trip, at pagkain sa tanghalian, makipag-sangguni sa paaralan o sa Board of Education. Ngunit ang makukuhang pinansiyal na tulong ay naayon sa kondisyon ng kinikita ng pamilya.

Mayroon ding matatanggap ang dayuhang magulang na nagpapa-aral ng anak kahit ang bata ay nag-aaral sa paaralang para sa mga dayuhan. Kung interesado sa ganitong sistema, mangyari lamang makipag-ugnayan sa munisipyong pinagtalaan.

# 8 Suporta sa edukasyon

**(2) Scholarship**

● **Scholarship na para sa mga mag-aaral na high school**

Mayroong ibinibigay na tulong ang perepaktura sa mag-aaral sa high school o vocational school na may matataas na grado ngunit may pinansiyal na problema. Ang mga kondisyon upang makahiram ng pera para sa pag-aaral at sa presyo ng perang maaring hiramin ay iba-iba bawat perepaktura. Upang maintindihan ang nilalaman ng sistema, makipag-ugnayan sa kasalukuyang pinapasukang paaralan.

●**Scholarship para sa mag-aaral sa junior college, special training school, at unibersidad**

Ang Japan Student Support Organization ay nagbibigay ng scholarship para sa mga mag-aaral sa junior college, special training school, unibersidad at iba pa. Ang kondisyon sa pagpapahiram ng pera at ang panahon kung kailan ito kailangan ibalik ay iba-iba bawat estudyante. Mayroon din itong dalawang uri: ang may interest at ang walang interest. Para sa karagdagang detalye, makipag-sangguni sa sanggunian ng scholarship ng paaralang pinapasukan

●**Scholarship para sa mga estudyanteng dayuhan**

Mayroong scholarship para sa mga estudyanteng dayuhan na galing sa Pamahalaan ng Japan (Ministro ng Edukasyon o monbukagakushou), Japan Student Support Organization, iba’t-ibang samahan at asosasyon ng international relations o kokusai kouryuukai kung tawagin. Ang listahan ng mga nabanggit ay makikita sa handbook na ipinagkakaloob ng Japan Student Support Organization na tinatawag na “Japan Scholarship Pamphlet”

http://www.jasso.go.jp/study_j/scholarships_sfisij.html

# J Edukasyon

Bumalik sa TOP ng J Edukasyon

●**Scholarship**

| Pinagkakalooban | Scholarship | Sanggunian |
|---|---|---|
| **mag-aaral sa High school** | scholarship mula sa prepektura na tinatawag na todoufuken shougakukin | pinapasukang paaralan |
| **mag-aaral sa junior college, special training school, at unibersidad** | scholarship mula sa Japan Student Support Organization na tinatawag na nihon gakusei shien kikou shougakukin | sanggunian ng scholarships sa pinapasukang paaralan |
| **estudyanteng dayuhan** | galing sa Pamahalaan ng Japan na tinatawag na nihonseifu (monbukagakushou) shougakukin | embahado o unibersidad ng Japan |
| | Scholarships from JASSO | |
| | scholarship para sa mga studyanteng nag-aaral sa sariling pundar. Ito ay tinatawag na shihi gaikokujin ryuugakusei shougakukin | unibersidad ng Japan |
| | scholarship para sa mga studyanteng nag-aaral sa sariling pundar. Ito ay tinatawag na shihi gaikokujin ryuugakusei shougakukin (para sa mga estudyante ng paaralan ng wikang Hapon) | paaralan ng wikang Hapon |
| | scholarship para sa maikliang panahong mag-aaral sa Japan na tinatawag na tankikan ryuugaku suishin seido | unibersidad ng Japan |
| | scholarship mula sa samahan at asosasyon ng internasyonal na pakikipagpalitan o kokusaikouryuukai | mga asosasyon o sa paaralan |
| | scholarship mula sa mga pribadong grupo na kung tawagin ay minkan dantai shougakukin | mga pribadong grupo |

*Mula sa [Japan Foreign Student Scholarship Pamphlet], Japan Student Support Organization*